



## FAQ

### 711 POST | 711 POST ST, SAN FRANCISCO, CA 94109

#### **Ano ang panukalang proyekto sa 711 Post (Ansonia Hotel) at para kanino ito?**

Ipinapanukala ng City na pondohan ang master lease ng Ansonia Hotel sa 711 Post Street para magamit bilang isang semi-congregate shelter para sa mga nasa hustong gulang na walang matirahan. Ang property sa 711 Post ay may 123 unit mula single hanggang quad, at inaasahan naming makapagpapatuloy na mapatira sa site na ito ang humigit-kumulang 200-250 tao.

Ang 711 Post ay magkakaroon ng 24 na oras na kawani, mga serbisyo, at tagapamahala ng kaso sa araw na ipagkakaloob ng Urban Alchemy.

#### **Paano napili ang tagabigay ng serbisyo?**

Napili ang Urban Alchemy bilang tagabigay ng serbisyo para sa bagong shelter program na ito dahil sa kamakailan nilang tagumpay sa pamamahala ng mga Shelter in Place Hotel, mga Safe Sleep program, at mga community ambassador program. Ibibigay ang kontratang ito sa pamamagitan ng Emergency Ordinance 61-19.

#### **Bakit pinili ang property na ito para sa layuning ito?**

Naghahanap ang HSH ng mga property kung saan puwede ang pangmatagalang semi o non-congregate shelter para magamit natin ang mga aral na natutunan natin sa mga Shelter in Place hotel, at maipatupad ang mga ito sa isang bagong uri ng shelter. Pinili ang 711 Post para sa layuning ito dahil nagbibigay ito ng natatanging oportunidad na makapagkaloob ng shelter sa isang gusaling may mga pribado at maliliit na silid, espasyo para sa komunidad, at mga de-kalidad na amenidad, sa halip na tradisyonal na congregate facility.

#### **Ano ang proseso ng pag-apruba at pagpapatuloy? Isa pa, ano ang timeline?**

Dapat aprubahan ng Board of Supervisors ang kontrata para pondohan ang master lease at mga serbisyo sa 711 Post Street. Diringgin ng Board of Supervisors ang item na ito sa mga unang bahagi ng Enero 2022 at hindi nila ito pagbobotohan bago ang Enero 11, 2022. Ang mga agenda at detalye ng pulong ng Board of Supervisors ay makikita sa [website](#) at ipo-post din sa [website ng HSH](#).

Kailangan ng City na bigyan ang komunidad ng hindi bababa sa 30 araw na abiso bago ipagpatuloy ang proyektong ito. Natugunan na ng HSH ang hinihinging ito sa pamamagitan ng abiso sa publiko noong Nobyembre 19, 2021, at sa pamamagitan ng post sa aming website. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa abiso sa komunidad at mga pampublikong pulong para sa mga panukalang proyekto ay makikita sa website ng HSH sa: [hsh.sfgov.org/get-involved/notices/](https://hsh.sfgov.org/get-involved/notices/)

Magdaraos ang HSH ng pangkomunidad na pulong para talakayin ang panukalang ito kasama ng mga kapitbahay at stakeholder sa komunidad sa **Miyerkukes, Disyembre 1, 2021 nang 6:00**. Virtual ang magiging pulong na ito at maa-access ito sa pamamagitan ng [zoom](#).

#### **Para saan ginagamit ang kasalukuyang site? Kung may mga kasalukuyang naninirahan dito, ano ang mangyayari sa kanila?**

Dating ginagamit ang site bilang youth hostel para sa mga bumibiyaha. Hindi na aktibo ang site bilang youth hostel at kasalukuyan itong bakante.

#### **Gaano katagal tatakbo bilang shelter ang site na ito?**

Layunin ng proyektong ito na maging pangmatagalang shelter. Kasama sa lease ang inisyal na terminong

5 taon na may mga opsiyon sa pagpapalawig.

**Paano makakatulong ang HSH at Urban Alchemy sa pagpapanatili ng kaligtasan at kalinisan ng lugar?**

Kasama sa kontrata ng City sa Urban Alchemy ang pagpopondo para pasiglahin at bantayan ang kalye sa magkabilang panig ng 700 block ng Post Street sa loob ng 12 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Pagtutuunan ng kawaning ito na maiwasan ang pagkakalat, paninirahan, at mga nakakaabalang gawain sa labas ng shelter.

**Paano tutuloy ang mga guest sa site na ito?**

Puwedeng tumuloy ang mga guest sa shelter site na ito sa pamamagitan ng mga direktang referral mula sa mga outreach team at sentralisadong proseso ng lungsod sa pagpasok sa shelter. Hindi puwedeng mag-walk in ang mga tao para humiling na tumuloy sa shelter site na ito. Dahil bukas 24/7 ang shelter at ang mga placement ay isasagawa lang sa pamamagitan ng referral, **walang pila** sa labas ng pasilidad para makatuloy sa shelter.

